# Jackson County Pamplet para sa mga Botante sa Wikang Tagalog

Pagboto sa pamamagitan ng Koreo sa Pangunahing Halalan sa Oregon
Mayo 19, 2026

**Sulat mula sa Kawani ng County**

Mga Botante ng Jackson County:

Ang Pamplet ng mga Botante ng Jackson County ay inilathala para magbigay-alam sa mga botante tungkol sa mga lokal na kandidato at panukalang-batas. Hindi kinakailangang magsumite ng pahayag ang mga kandidato na isasama sa Pamplet ng mga Botante. Ang lahat ng pahayag ng kandidato at argumento sa panukalang-batas na lumilitaw sa pamplet na ito ay isinumite kasama ng bayad sa pag-file. **Tanging mga naaangkop na kandidato at panukalang-batas lang para sa iyong presinto ang makikita sa iyong balota.**

Isa itong saradong pangunahing halalan ng partido para sa mga rehistradong Demokratiko at Republican. Nangangahulugan lamang ito na ang mga Demokratiko ay boboto para sa mga Demokratiko (Democrats) at kandidatong walang kinikilingan at mga panukalang-batas at ang mga Republican ay boboto para sa mga Republican (Republican) at kandidatong walang kinikilingan at mga panukalang-batas. Ang lahat ng iba pang botante ay boboto para sa mga kandidatong walang kinikilingan at mga panukalang-batas. Nanaisin mong tiyakin ang katayuan ng iyong partido bago ang huling araw ng gawaing panghalalan para sa pagpapalit ng partidong pampolitika. Maaari mong tingnan online ang iyong katayuan sa rehistrasyon sa pamamagitan ng **My Vote (Aking Boto) sa oregonvotes.gov/myvote**. Ang huling araw ng gawaing panghalalan para sa pagpapalit ng iyong kaalyadong partido para sa Pangunahing Halalan sa Mayo 19 ay sa **Martes, Abril 28, 2026**.

Ang Pangunahing Halalan sa Mayo 19, 2026, tulad ng lahat ng halalan sa Estado ng Oregon, ay isasagawa sa pamamagitan ng koreo. Naka-iskedyul ang mga balota na ipadala sa koreo sa Jackson County sa Biyernes, Mayo 1. Ang huling araw ng rehistrasyon para sa mga mamamayan na hindi kasalukuyang rehistrado para makaboto sa Estado ng Oregon para sa Pangunahing Halalan sa Mayo 19 ay sa **Martes, Abril 28, 2026**.

Ang pamplet na ito ay inihatid sa mga address para sa koreo ng post office. Sa gayon, kung nakatanggap ka ng pamplet, hindi agad iyon nangangahulugan na ikaw ay isang rehistradong botante. Ang mga botante na kasalukuyang rehistrado sa Estado ng Oregon na lumipat na, o nagbago ng kanilang address ng tirahan o address para sa koreo o pangalan, ay dapat mag-update ng kanilang rehistrasyon bago ng pagtatapos ng negosyo sa Araw ng Halalan upang makaboto. **Hindi maipapadala ang mga balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo!** Kung kailangan mong mag-rehistro o mag-update ng iyong rehistrasyon, maaari mong gawin ito online sa **oregonvotes.gov/myvote** o nang personal sa 1101 West Main St., Suite #201, Medford.

**Mahalaga ang mga Marka ng Koreo!** Ang mga balotang natanggap mula sa Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service) pagkatapos ng araw ng halalan ay tatanggapin kung namarkahan ito ng koreo sa o bago ang araw ng halalan at natanggap pagsapit ng ika-7 araw pagkatapos ng halalan.

Dapat ay namarkahan ng koreo ang mga balota pagsapit ng Mayo 19, 2026, kung pinadala sa koreo, o hinulog sa isang Opisyal na Drop Box ng Balota nang hindi lalampas sa 8 p.m., Mayo 19, 2026.

Nag-aalok ng Informed Delivery ang Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service). Sa sandaling mag-sign up, makatatanggap ka ng email na may larawan ng mga bagay na ipinadadala sa koreo (mail pieces) na ihahatid sa araw na iyon. Malalaman mo kapag dumating ang balota mo sa iyong mailbox. Para mag-sign up sa serbisyong ito, pumunta sa **informeddelivery.usps.com**.

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa katayuan ng inyong rehistrasyon ng botante o sa proseso ng halalan, tawagan ang Tanggapan para sa Pangangasiwa ng Halalan sa 541-774-6148.

Taos-pusong sumasainyo,

Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections)

# Impormasyon sa Pagboto

Ang impormasyong ito ay inilagay sa pamplet para sa mga botante upang tulungan ang mga botante ng Jackson County sa pagmamarka ng kanilang balota.

## Punan ang Bilog

Upang matiyak na mabibilang ang iyong boto:

→ Gumamit ng asul o itim na panulat.

→ Ganap na punan ang bilog.

→ Huwag maglagay ng tsek.

→ Huwag magmarka ng X.

## Kandidato o Panukalang-Batas

→ Upang bumoto para sa isang kandidato o panukalang-batas, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong tugon.

## Pagsasama ng Pangalan

→ Para isama ang isang pangalan, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng linya para sa “write-in” (pagsasama ng pangalan) at isulat ang pangalan sa linya.

## Kulang sa Bilang ng Boto

→ Kung hindi ka bumoto sa isang labanan o panukalang-batas, ito ay tinatawag na kulang sa bilang ng boto.

→ Ang isang boto ay hindi mabibilang para sa labanan o panukalang-batas.

→ Hindi mo kailangang bumoto sa lahat ng labanan. Mabibilang pa rin ang mga binoto mo.

## Bumoto ng Labis

→ Kung bumoto ka ng mahigit sa isang kandidato kaysa sa pinahihintulutan, o kung pareho mong binoto ang Yes (Oo) at No (Hindi) sa isang panukalang-batas, tinatawag itong bumoto ng labis.

→ Hindi mabibilang ang isang boto para sa labanan o panukalang-batas na bumoto ka ng labis, maliban kung itama mo ito.

→ Maaari mong itama ang isang pagboto ng labis sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa “How to Correct a Mistake” (Paano Itama ang Isang Pagkakamali).

## Paano Itama ang Isang Pagkakamali

→ Guhitan ng linya ang bilog at ang iyong hindi nais na tugon.

→ Ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong nais na tugon.

→ Hindi bibilangin ang boto para sa hindi mo nais na tugon.

→ May bilang na isang boto para sa iyong nais na tugon.

**Maaari kang makipag-ugnayan sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections) sa 541-774-6148 para humiling ng pamalit na balota kung:** nagkamali ka, nasira o namarkahan nang mali ang iyong balota, o nawala ang iyong balota (o para sa anumang iba pang dahilan).

## Tulong sa Pagmarka ng Balota; Mga Pataan at Limitasyon:

Ang sinumang botante na, dahil sa kapansanan o kawalan ng kakayahang magbasa o magsulat, ay hindi makapagmarka ng kanilang balota ay maaaring makatanggap ng tulong. Ang tulong ay ibibigay ng alinman sa dalawang tao ng magkaibang partidong pampolitika na binigay ng kawani ng county o ng ibang taong pinili ng botante. Ang sinumang tumutulong sa isang botante ay dapat sumunod sa tagubilin ng botante kung paano boboto sa balota. At, ang taong tumutulong sa botante, kalaunan ay hindi dapat magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa kung paano bumoto ang botante. Bukod dito, hindi maaaring magbigay ang sinuman ng nasabing tulong kung sila ay isang pinaglilingkuran ng botante o isang ahente ng tagapag-empleyo. At, hindi rin maaaring magbigay ng nasabing tulong ang isang tao kung siya ay isang opisyal o ahente ng isang unyon kung saan ang botante ay isang miyembro. (ORS 254.445)

# Impormasyon sa Pagsasama ng Pangalan

Ang mga botante sa Oregon ay may opsyon na magsama ng pangalan ng isang kandidato para sa anumang katungkulan sa halip na bumoto sa isang kandidatong nakalathala sa balota. Ang mga botong may isinamang pangalan ay bibilangin kasama ng kabuuang halaga na naitala para sa bawat katungkulan maliban kung walang kandidato sa balota, o ang kabuuang bilang ng mga botong may isinamang pangalan ay lumampas sa may pinakamaraming boto na kandidato, o sa kaso ng mga Precinct Committeepersons, naisumite na ang kinakailangang form. Makikita ang mga resulta ng pagsasama ng pangalan matapos ang pagsertipika ng mga resulta ng halalan sa Jackson County na naka-iskedyul sa Hunyo 15, 2026.

- **Impormasyon hinggil sa Pagsasama ng Pangalan ng Kandidato para sa Demokratikong (Democratic) Kinatawan ng Estado, Ika-2 Distrito, Kinatawan ng Estado, Ika-4 na Distrito, at Kinatawan ng Estado, Ika-56 na Distrito:** Dahil walang mga kandidato sa mga Demokratikong (Democratic) balota sa pagnomina para sa mga posisyong ito, bibilangin ang mga pangalan na nakasulat sa mga linya para sa “write-in” (pagsasama ng pangalan). Ibinibigay ang sumusunod na impormasyon sa mga indibidwal na naghahanap ng Demokratikong (Democratic) nominasyon para sa mga posisyong ito.
  - **Pagsasama ng Pangalan ng Kandidato:** Ang isang kandidatong naghahangad ng nominasyon sa pamamagitan ng pagsasama ng pangalan ay walang kukumpletuhing anumang mga form sa paghahain ng pagkakandidato ngunit dapat maging kwalipikado para sa katungkulan at maaaring kailanganing gumawa ng account ng kampanya at maghain ng Pahayag ng Organisasyon na nagtatalaga ng isang komite ng kandidato. Tingnan ang Campaign Finance Manual (Manwal sa Pananalapi sa Kampanya) at ORESTAR User’s Manuals (Mga Manwal para sa Taong Gumagamit ng ORESTAR) na makikita sa **oregonvotes.gov**.
  - **Nominasyon** Aabisuhan ng Kalihim ng Estado ng Oregon (Oregon Secretary of State) ang mga nanalo. Dapat tanggapin ng mga nanalo ang nominasyon bago ibibigay ang isang Sertipikasyon ng Nominasyon.
  - **Halalan:** Makikita ang pangalan ng nominadong kandidato sa balota sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2026.

***Paunawa: Ang mga labanang ito ay wala sa lahat ng balota!*** *Nakikita lamang ang mga labanang ito sa “Official Primary Nominating Ballot for the Democratic Party” (Opisyal na Balota sa Pagnomina sa Pangunahing Halalan para sa Partidong Demokratiko). Tanging mga botante sa loob ng Distrito 2 ng Kapulungan, Distrito 4 ng Kapulungan at Distrito 56 ng Kapulungan na rehistrado sa partidong Demokratiko (Democratic party) sa o bago mag-Abril 28, 2026 ang kwalipikadong bumoto sa mga*

*labanang ito sa Pangunahing Halalan sa Mayo 19, 2026.*

- **Impormasyon sa Pagsasama ng Pangalan ng Kandidto para sa Precinct Committee Person**: Ang isang form na SEL 105D o SEL 105N ay dapat na isumite sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections) para mabilang ng mga Precinct Committee Person ang mga botong may isinamang pangalan. Makukuha ang mga form sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections) o online sa www.jacksoncountyor.gov/elections at www.oregonvotes.gov.
    - **Pagpapahayag ng Kandidato hinggil sa Pagsasama ng Pangalan:** Ang isang manghahalal na gustong mahalal sa pamamagitan ng mga botong may isinamang pangalan ay dapat magsumite ng form na SEL 105D Write-In Declaration – Precinct Committeeperson (Pahayag hinggil sa Pagsasama ng Pangalan – Precinct Committee Person) bago mag-8 p.m. ng Martes, Mayo 19, 2026. Kung mahalal, isang "Certificate of Election" (Sertipikasyon ng Halalan) ang ipapadala sa bagong halal na Precinct Committee Person.
    - **Nominasyon para sa Pagsasama ng Pangalan** Ang isang manghahalal na gustong magnomina ng isa pang manghahalal bilang Precinct Committee Person na isinama ang pangalan ay dapat magsumite ng form na SEL 105N Write-In Nomination – Precinct Committeeperson (Nominasyon para sa Pagsasama ng Pangalan – Precinct Committee Person) bago mag-8 p.m. ng Martes, Mayo 19, 2026. Kung mahalal, isang form na "Acceptance of Office" (Pagtanggap sa Katungkulan) ang ipapadala sa koreo sa bagong halal na Precinct Committee Person; ang form na "Acceptance of Office" (Pagtanggap sa Katungkulan) ay dapat ibalik sa Kawani ng Jackson County (Jackson County Clerk) upang maibigay ang isang "Certificate of Election" (Sertipikasyon ng Halalan).

***Paunawa: Ang mga labanang ito ay* wala sa lahat ng balota!** *Nakikita lamang ang labanang ito sa "Official Primary Nominating Ballot for the Democratic and Republican Party" (Opisyal na Pangunahing Balota sa Pagnomina sa Partidong Demokratiko at Republican). Tanging mga botante na rehistrado sa partidong Demokratiko (Democratic party) o Republican (Republican party) sa o bago mag-Abril 28, 2026 ang kwalipikadong bumoto sa mga labanang ito sa Pangunahing Halalan sa Mayo 19, 2026.*

# Impormasyon sa Rehistrasyon ng Botante

## Pag-rehistro para Makaboto:

Upang makaboto sa Oregon kailangan mong maging rehistrado sa county kung saan ka nakatira. Maaari kang mag-rehistro kung makasagot ka ng oo sa tatlong tanong na ito: 1) Ikaw ba ay residente ng Oregon? 2) Ikaw ba ay isang mamamayan ng U.S.? 3) Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang? *Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa may maganap na isang halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.*

## Paano mag-rehistro:

Maaari kang mag-rehistro online para makaboto sa **oregonvotes.gov** o maaari kang makakuha ng kard ng rehistrasyon ng botante sa alinman sa mga sumusunod na lugar: 1) anumang tanggapan para sa halalang pang-county. 2) ang tanggapan ng Kalihim ng Estado (Secretary of State). 3) ilang ahensya ng estado tulad ng Dibisyon ng Mga De-motor na Sasakyan (Division of Motor Vehicles). 4) isang kampanya para sa rehistrasyon ng botante. Maaari mong punan ang kard nang personal o ipadala ito sa pamamagitan ng koreo ng US (US Mail). Maaari ka ring mag-print ng kard ng rehistrasyon online sa **oregonvotes.gov**.

## Pag-update ng iyong rehistrasyon ng botante:

Kapag rehistrado ka na, tungkulin mong panatilihing pinakabago ang iyong impormasyon. Maaari mong gawin ito online sa **oregonvotes.gov** o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagbalik ng kard ng rehistrasyon ng botante na nakalagay ang bagong impormasyon. Dapat mong i-update ang iyong rehistrasyon kung gagawin mo ang alinman sa mga sumusunod: 1) babaguhin ang address ng iyong tirahan. 2) babaguhin ang iyong address para sa koreo. 3) babaguhin ang iyong pangalan. 4) babaguhin ang iyong lagda. 5) gustong baguhin o pumili ng partidong pampolitika. 6) babiyahe o wala sa bahay sa araw ng halalan.

## Mahalagang Deadline!

Ang huling araw upang mag-rehistro para makaboto o magpalit ng iyong kaalyadong partidong pampolitika ay sa **Martes, Abril 28**.

Pumunta sa **oregonvotes.gov/myvote** para;

- I-tsek ang iyong rehistrasyon:
- I-update ang iyong rehistrasyon; o
- Magparehistro para makaboto.

Maaari mo ring puntahan ang Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections) sa 1101 W Main St, Suite 201, Medford, O 97501 para sa iyong mga pangangailangan sa rehistrasyon ng botante.

# Pagbabalik ng Iyong Balota

**Ang Araw ng Halalan ay sa Martes, Mayo 19, 2026**

### Matapos bumoto sa iyong balota:

1. **Suriin** kung may mga pagkakamali sa iyong balota;
2. **Ilagay** ang iyong balota sa sobre para sa pagbalik ng balota;
3. **I-seal** ang sobre para sa pagbalik ng balota;
4. **Lagdaan** ang sobre para sa pagbalik ng balota;
5. **Ibalik** ang iyong balota

### Mayroon kang dalawang paraan para ibalik ang iyong balota:

1. **Ipadala sa koreo** ang iyong balota upang mamarkahan ito ng USPS pagsapit ng Araw ng Halalan; o
2. **Ilagay** ang iyong balota sa isang opisyal na drop box ng balota ng Oregon bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan.

**Mahalaga!** Dapat isauli ang iyong balota nang nasa sobre para sa pagbalik ng balota na ibinigay kasama ng iyong pakete ng balota. **Tiyaking ang nilalagdaan mong sobre para sa pagbalik ng balota ay ang ibinigay sa iyo!**

Kung nawala o nasira mo ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota, mangyaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa 541-774-6148.

# Pagsubaybay sa Iyong Balota!

Nag-aalok ng Informed Delivery ang Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service). Sa sandaling mag-sign up, makatatanggap ka ng email na may larawan ng mga bagay na ipinadadala sa koreo (mail pieces) na ihahatid sa araw na iyon. Malalaman mo kapag dumating ang balota mo sa iyong mailbox. Para mag-sign up sa serbisyong ito, pumunta sa **informeddelivery.usps.com**.

Upang matukoy kung ang iyong balota ay natanggap ng iyong opisyal ng halalang pang-county, mangyaring pumunta sa **oregonvotes.gov/myvote** kung saan maaari mong subaybayan ang iyong balota.

# Kaalyadong Partido at Nilalaman ng Balota

Dahil isa itong pangunahing halalan, gagamitin ng mga partidong **Demokratiko (Democractic party)** at **Republican (Republican party)** ang halalang ito sa pagnomina ng kanilang mga kandidato para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2026. Tandaan na ang iyong balota ay maglalaman lamang ng mga kandidato at panukalang-batas kung saan kwalipikado kang bumoto. Ang nilalaman ng balotang matatanggap mo ay naaayon sa iyong kaalyadong partido at mga distrito kung saan ka nakatira.

- Kung rehistrado ka sa isang malaking partidong pampolitika (**Demokratiko (Democratic) o Republican (Republican)**), matatanggap mo ang balota sa pagnomina ng iyong partido na maglalaman ng mga kandidato ng iyong partido kasama ng anumang mga kandidatong walang kinikilingan at mga panukalang-batas.

- Kung rehistrado ka sa isang minoryang partidong pampolitika (**Konstitusyon (Constitution), Independiyente (Independent), Libertarian (Libertarian), Walang Label (No Labels), Pacific Green (Pacific Green), Progressive (Progressive), We the People (We the People), Working Families (Working Families)**) o naglista ng **Iba pa** bilang napili mong partido, makatatanggap ka ng isang balotang walang kinikilingan na may mga kandidatong walang kinikilingan at mga panukalang-batas lamang.

- Kung rehistrado ka sa anumang partidong pampolitika (**Hindi miyembro ng isang partido**), makatatanggap ka ng isang balotang walang kinikilingan na may mga kandidatong walang kinikilingan at mga panukalang-batas lamang.

Ang huling araw upang mag-rehistro para makaboto o magpalit ng iyong kaalyadong partidong pampolitika para sa Pangunahing Halalan sa Mayo 19, 2026 ay sa **Martes, Abril 28, 2026**.

**Mag-rehistro/Mag-update Online**

Pumunta sa www.oregonvotes.gov upang mag-rehistro para makaboto online. Kung rehistrado ka na para bumoto, pumunta sa www.oregonvotes.gov/myvote upang i-tsek ang iyong rehistrasyon at i-update ito kung kinakailangan.

**Mag-rehistro/Mag-update gamit ang Koreo o Nang Personal**

Makukuha online ang mga form sa rehistrasyon sa www.oregonvotes.gov o sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections), 1101 W. Main St., Suite 201, Medford, OR 97501.

# Mga Lokasyon para sa Lugar ng Drop Box

**Ang Araw ng Halalan ay sa Martes, Mayo 19, 2026**

**Mga Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota sa Jackson County**
(Magbubukas sa Lunes, Mayo 4, 2026)

## Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections)

1101 W. Main St., Suite 201
Medford, OR 97501
(Matatagpuan ang opisina sa ika-2 palapag)

Ang drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** at walk up na drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (kaliwang lane - W. Main)
Magsasara nang 8 p.m sa Araw ng Halalan

Ang mga drop box ng balota **sa loob** ng tanggapan para sa
Pangangasiwa ng Halalan ay bukas mula 8 a.m. hanggang 4 p.m., Lunes - Biyernes, sarado mula 11:45 a.m. hanggang 1 p.m.
(Bukas mula 7 a.m. - 8 p.m. sa Araw ng Halalan)

## Aklatan ng Ashland (Ashland Library)

410 Siskiyou Blvd.
Ashland, OR 97520

Ang drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** ay bukas 24 na oras araw-araw (eskinita mula sa Gresham St. malapit sa book drop)
Magsasara nang 8 p.m sa Araw ng Halalan

## Aklatan ng Central Point (Central Point Library)

116 S. 3rd St.
Central Point, OR 97502

Ang **walk up** na drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw
(timog na bahagi ng gusali ng aklatan, pangunahing pasukan)
Magsasara nang 8 p.m sa Araw ng Halalan

## Aklatan ng Eagle Point (Eagle Point Library)

239 W. Main St.
Eagle Point, OR 97524

Ang **walk up** na drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)
Magsasara nang 8 p.m sa Araw ng Halalan

## Aklatan ng Medford (Medford Library)

205 S. Central Ave
Medford, OR 97501

Ang drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan ng parking lot mula sa 10th St.)
Magsasara nang 8 p.m sa Araw ng Halalan

## Aklatan ng Phoenix (Phoenix Library)

510 W. 1st St.
Phoenix, OR 97535

Ang **walk up** na drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)
Magsasara nang 8 p.m sa Araw ng Halalan

## Aklatan ng Rogue River (Rogue River Library)

412 E. Main St.
Rogue River, OR 97537

Ang **walk up** na drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)
Magsasara nang 8 p.m sa Araw ng Halalan

# Panukalang-Batas 15-241
# Distrito ng Paaralan 5 ng Ashland (Ashland School District 5)

Pag-renew ng Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis para sa Operasyon

**TANONG:**
Dapat bang magpataw ang Distrito ng limang taong lokal na opsyon na buwis na $1.29 kada $1,000 ng tinasang halaga simula Hulyo 1, 2026? Ire-renew ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang mga lokal na opsyon na buwis.

**BUOD:**
Misyon ng Distrito ng Paaralan ng Ashland (Ashland School District) na magbigay-inspirasyon sa mga mag-aaral upang sila ay natututo habambuhay, maging responsableng mamamayan, at magsilbing tagapangalaga ng mundo. Ang Singil sa Buwis para sa mga Aktibidad at Gawaing Pang-akademiko ng mga Kabataan (Youth Activities and Academics Levy YAAL), na kasalukuyang nagbibigay ng pondo para sa isang bahagi ng mga programang pang-edukasyon at extracurricular ng Distrito, ay nakatakdang magwakas sa Hunyo 2026. Isinusumite ng Distrito ang panukalang-batas na ito sa mga botante upang pagpasiyahan kung dapat bang i-renew ang pondong ito.

Kung maaaprubahan, ang ipinapataw na buwis ay patuloy na makakalikom ng pondo na sumusuporta sa programang pampalakasan ng mga mag-aaral, mga programa sa musika, sining, at mga pinahusay na programa at klase na pang-akademiko sa buong Distrito. Ang YAAL ay kasalukuyang kumakatawan sa mahigit 10 porsyento ng taunang kita sa operasyon ng Distrito at sumusuporta sa mga programa at serbisyong hindi ganap na tinutustusan ng Pondong Pampaaralan ng Estado.

Ang rate na $1.29 kada sanlibo ng tinasang halaga ay tinatayang makakalikom ng:
$5,175,193 sa 2026-2027
$5,330,449 sa 2027-2028
$5,490,362 sa 2028-2029
$5,655,073 sa 2029-2030
$5,824,725 sa 2030-2031

Ang mga halagang ito ay mga pagtatantya lamang, batay sa impormasyong makukuha mula sa tagatasa ng county sa panahon ng pagtatantya.

### Pagpapaliwanag na Pahayag

Sinusuportahan ng komunidad ng Ashland ang Distrito ng Paaralan ng Ashland (Ashland School District) sa pamamagitan ng lokal na opsyon na buwis mula pa noong 1994. Ipinasa ng Lungsod ng Ashland (City of Ashland) ang Singil sa Buwis para sa mga Aktibidad ng mga Kabataan (Youth Activities Levy YAL) bilang tugon sa epekto ng Panukalang-Batas 5 sa lokal na pondong pampaaralan. Apat na beses na na-renew

ang YAL, at ginawa ang huling pag-renew noong 2003. Noong Nobyembre 2007, nagmungkahi ang Distrito ng Paaralan ng Ashland (Ashland School District) ng isang lokal na opsyon na singil sa buwis at pinalitan ang YAL ng Singil sa Buwis para sa mga Aktibidad at Gawaing Pang-akademiko ng mga Kabataan (Youth Activities and Academics Levy YAAL). Puspusang inaprubahan ng mga botante ng Ashland ang YAAL noong 2007, 2010, 2015, at 2020. Panahon na para i-renew ang YAAL, na magwawakas sa Hunyo 2026. Ang iminumungkahing rate ng ipapataw na buwis na $1.29 ay hindi nagbabago mula nang simulan ito noong 2007.

Ang YAAL ay isang mahalagang pinagkukunan ng pondo na tumutulong sa pagpapanatili ng mga programa at serbisyo na susi sa isang magaling na karanasang pang-edukasyon. Ang YAAL ay nagbibigay ng humigit-kumulang 10% ng pangkalahatang pondo ng Distrito at, noong 2024-25, pinondohan ang humigit-kumulang 88% ng programang pampalakasan at sining, 75% ng mga programa sa pandaigdigang wika, 24% ng mga serbisyo sa pagpapayo, at 4% ng pagtuturo sa silid-aralan. Ang mga programa at serbisyong ito ay may malaking papel na ginagampanan para matiyak na nabibigyan natin ang ating mga mag-aaral ng "Benepisyong Ashland." Ang pag-renew sa singil sa buwis na ito ay makatutulong sa Distrito na ipagpatuloy ang gawain nito na ihanda ang bawat mag-aaral para natututo habambuhay, maging responsableng mamamayan, at magsilbing tagapangalaga ng mundo.

**Ano ang mangyayari kung maipasa ang singil sa buwis na irerenew?** Kung mare-renew ang singil sa buwis, mapapanatili ng Distrito ang mga serbisyo sa pagtuturo at suporta sa mga sumusunod na aspekto:

- Mga programang pampalakasan at aktibidad;
- Mga programa sa sining, kabilang ang teatro, banda, orkestra, at koro;
- Edukasyong pangkatawan;
- Pagpapayo at suporta para sa kalusugang pangkaisipan;
- Mga pangdaigdigang wika; at
- Pangkalahatang pagtuturo sa silid-aralan.

**Ano ang mangyayari kung <u>hindi</u> maipasa ang singil sa buwis na irerenew?** Ang magwawakas na pondo mula sa ipinapataw na buwis sa humigit-kumulang 10% ng badyet sa operasyon ng Distrito. Kinakatawan nito ang mahigit 20 full-time na posisyon na maaaring maapektuhan, kasama ang maraming posisyon para sa mga coach. Ang mga pagbawas sa mga programang pang-akademiko, suporta sa mag-aaral, at extracurricular na mga oportunidad ay magsisimula sa taong panuruan 2026-27.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng: Distrito ng Paaralan 5 ng Ashland (Ashland School District 5).)*

# Panukalang-Batas 15-240

# Distrito ng Transportasyon ng Rogue Valley (Rogue Valley Transportation District)

Pag-renew ng Limang Taong Lokal na Opsyon na Buwis para sa Pangkalahatang Operasyon.

**TANONG:**
Dapat bang ipagpatuloy ng Distrito ang pagpapataw ng $0.13 kada $1,000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon simula Hulyo 1, 2026 upang pondohan ang mga pangkalahatang operasyon? Ire-renew ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang mga lokal na opsyon na buwis.

**BUOD:**
Hindi ito ang panukalang-batas para sa transportasyon ng Estado, ito ay pag-renew ng lokal na buwis. Kasalukuyang nagpapatakbo ang Distrito ng Transportasyon ng Rogue Valley (Rogue Valley Transportation District RVTD) ng anim na ruta na nagbibigay-serbisyo sa Medford, Ashland, Phoenix, Talent, Central Point, at White City. Ang RVTD ay nagbibigay ng mga serbisyo ng pampublikong transportasyon, kabilang ang ADA paratransit, sa loob ng teritoryo ng Distrito, Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 6:00 A.M. at 6:30 P.M. Kung maipatutupad, ipagpapatuloy ng panukalang-batas na ito ang isang 5-taong lokal na opsyon na singil sa buwis sa parehong rate na $0.13 kada $1,000 ng tinasang halaga na naaprubahan noong 2016 at 2021. Kung hindi ire-renew, magwawakas ang kasalukuyang pagpapataw ng buwis sa Hunyo 30, 2026.

Ang pag-renew sa lokal na pagpapataw ng buwis ay magbibigay-daan sa RVTD na mapanatili ang serbisyo ng bus sa buong Distrito na nagbibigay ng akses sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, mga trabaho, abot-kayang pabahay at mga produkto at serbisyo na nakatutugon sa mga pangunahing pangangailangan. Kung hindi ire-renew ang pondo mula sa pagpapataw ng buwis, hindi mapananatili ng RVTD ang kasalukuyang serbisyo ng bus para sa ating komunidad. Ang RVTD ay nakapagbigay ng mahigit 1 Milyong sakay noong nakaraang taon, na pangunahing naglilingkod sa mga nakatatanda, mga indibidwal na may mababang kita, mga pamilya at mga taong may kapansanan. Ang mga pondo mula sa pagpapataw ng buwis ay gagamitin para mapanatili at mapahusay ang serbisyo ng bus batay sa feedback ng komunidad at sa makukuhang pondo.

Makakalikom ang iminungkahing halaga ng humigit-kumulang $2,846,254 sa 2026-2027; $2,960,204 sa 2027-2028; $3,078,508 sa 2028-2029; $3,201,649 sa 2029-2030; at $3,329,715 sa 2030-2031. Ang tinatayang halaga ng buwis sa panukalang-batas na ito ay PAGTATANTYA LAMANG batay sa pinakamainam na impormasyong makukuha mula sa tagatasa ng county sa panahon ng pagtatantya at maaaring magpakita ng epekto ng mga diskuwento sa maagang pagbabayad, compression, at rate ng

koleksyon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang Distrito ng Transportasyon ng Rogue Valley (Rogue Valley Transportation District RVTD) ay nagbibigay ng mga serbisyo ng pampublikong transportasyon at paratransit para sa Medford, Central Point, Ashland, Phoenix, Talent, at White City. Ang RVTD ay higit pa sa serbisyo ng bus lamang. Nagbibigay ang RVTD ng serbisyo ng Valley Lift ADA para sa mga nakatatanda at mga taong may kapansanan na hindi kayang gumamit ng bus. Nagbibigay din ang RVTD ng mga programa upang mapabuti ang kaligtasan sa pagbibisikleta at paglalakad, para mapahusay ang mga opsyon sa pagbiyahe ng mga empleyado at mag-alok ng abot-kayang opsyon sa transportasyon para sa mga kabataan, nakatatanda, mga may mababang kita, mga beterano at mga manggagawang hindi nakapagmamaneho.

Ang RVTD ay kasalukuyang nagpapatakbo sa pinakamababang antas ng pangunahing serbisyo. Dahil sa patuloy na kawalan ng katiyakan sa pondo mula sa pederal, estado, at lokal na pamahalaan, kasabay ng tumataas na mga gastusin, kamakailan ay itinigil ng RVTD ang 9 na ruta ng bus, ang serbisyo pagkalipas ng 6:30 p.m., at ang lahat ng serbisyo tuwing Sabado kabilang ang Valley Lift. Ang mga gastos sa pagbibigay ng pampublikong transportasyon ay tumaas nang husto dahil sa implasyon sa mga produkto at serbisyo, paggawa at mga benepisyo, pagpapanatili ng mga bus, at mga presyo ng gasolina. Gayumpaman, ang pag-apruba sa pagpapataw ng buwis na ito ay magbibigay ng katiyakan sa pondo sa loob ng limang taon pa na magbibigay-daan sa RVTD na mapanatili ang kasalukuyang mga pangunahing serbisyo at makakuha ng feedback mula sa komunidad at mga pasahero upang matukoy at mapagtuunan ang mga serbisyong ibabalik.

Ang botong 'Yes' (Oo) ay magpapanatili sa kasalukuyang halaga ng ipinapataw na buwis na inaprubahan ng mga botante noong 2016 at muli noong 2021. Gagamitin ang mga pondo upang mapanatili ang kasalukuyang mga pangunahing serbisyo at mapalawak ang serbisyo ng bus. Ang panukalang-batas na ito ay hindi magdudulot ng pagtaas sa kasalukuyang rate ng buwis, ipagpapatuloy nito ang pagpopondo sa transportasyon sa kasalukuyang 13 sentimo kada $1,000 ng tinasang halaga para sa karagdagang limang taon.

Sa botong 'No' (Hindi), magwawakas ang mahalagang pondo na inaasahan ng RVTD para sa mga operasyon ng serbisyo, na magdudulot ng mga karagdagang pagbawas sa serbisyo bukod pa sa mga naalis na noong 2025.

Ang pampublikong transportasyon ay isang mahalagang serbisyo para sa iyong komunidad. Nagsagawa ang RVTD ng survey sa mga pasahero noong 2025 at napag-alaman na:

65% ng mga pasahero ay umaasa sa at gumagamit ng transportasyon araw-araw
70% ng mga pasahero ay walang sasakyang magagamit
54% ng mga pasahero ay may trabaho ngunit 68% ng mga pasahero ay kumikita ng

mas mababa sa $25,000 kada taon
25% ng mga pasahero ay may kapansanan o retirado, at 10% ay mga estudyante.
7% ng mga pasahero ay patungo sa doktor upang magpatingin, 8% sa komersiyo/pamimili at 6% sa mga mahahalagang serbisyo
24% ng mga pasahero ay hindi na magbibiyahe kung walang serbisyo ng bus

Napakahalaga ng mga pondo mula sa buwis na ito, hindi makaaasa ang RVTD sa mga pondo mula sa pederal na pamahalaan at estado para maibigay ang lahat ng pangangailangan sa transportasyon ng ating komunidad. Ang pondo mula sa pagpapataw ng buwis na ito ay magbibigay ng maaasahang mapagkukunan ng kita upang pondohan ang pampublikong transportasyon sa Rogue Valley. Ang mga pamasahe ng pasahero, advertising sa bus, at kreditong buwis para sa paggamit ng malinis na fuel ay bumubuo sa 16% ng kabuuang kita ng RVTD, na nagpapatunay sa dedikasyon ng RVTD na balansehin ang mga kita mula sa lahat ng pinagkukunan. Ang mga pondo mula sa pagpapataw ng buwis na ito ay ginagamit para sa patuloy na operasyon ng mga ruta ng bus ng RVTD at serbisyo ng Valley Lift, na tinitiyak ang akses sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, trabaho, pabahay, at iba pang pang-araw-araw na pangangailangan.

Ipagpapatuloy ng panukalang-batas na ito sa buwis ang kasalukuyang rate ng buwis na 13 sentimo para magbabayad ng $39.00 kada taon ang mga may nabubuwisang halaga ng ari-arian na $300,000.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng: Distrito ng Transportasyon ng Rogue Valley (Rogue Valley Transportation District).)*